

Gifu Semi-State of Emergency Additional Preventive Measures

(Support Measures para sa Ekonomiya “Temporary Support Fund ng Prepektura”)
(Panawagan sa mga Mamamayan ng Prepektura at mga Business Operators) (Buod)

Napagpasyahan : 2021 Mayo 15
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government
Panahon ng Pagpapatupad : hanggang 2021 Mayo 31 (Lunes)

Support Measures para sa Ekonomiya (Temporary Support Fund ng Prepektura)

- (1) Ang temporary support fund ay ibibigay sa mga negosyo na partikular na apektado ng mga kahilingan (tulad ng pagpapaikli ng Business hours), bago dumating ang monthly support fund mula sa national government.

【Target Business Operators】

○ Ang mga sumusunod na negosyo na hindi covered ng Compliance Fund ngunit tumutugon sa kahilingan ng Prepektura

- Mga negosyong tulad ng restawran na tumigil mag-serve ng alak sa buong araw
- Karaoke Operators na itinigil ang operasyon

○ Supplier ng Alak (supplier sa loob ng Prepektura na naghahatid ng alak sa mga restawran)

○ Mga operator ng taxi, ahensya ng mga motorista

【Support Fund】 Flat rate na ¥100,000 bawat negosyo

- (2) Ang temporary support fund ay ibibigay sa mga accommodation companies (hotels, atbp.) sa Prepektura na seryosong apektado ng pagkalat ng impeksyon, bago ang National Monthly Support (maximum: ¥200,000 para sa mga Korporasyon at ¥100,000 para sa mga indibidwal).

【Target Business Operators】

○ Mga negosyong Hotel, Lodging, Inn na may lisensya sa ilalim ng “Hotel Business Law” sa Prepektura.

【Compliance Fund】

- (1) Small Scale (kapasidad ng 50 katao o mas mababa): ¥400,000
- (2) Medium scale (kapasidad ng 200 katao o mas mababa): ¥1,200,000
- (3) Large scale (kapasidad na mahigit sa 200 katao): ¥2,000,000

Panawagan para sa mga Negosyante at Residente ng Prepektura

Dahil ang impeksyon ay mabilis na kumakalat sa bahay, paaralan, at lugar ng trabaho, ang mga sumusunod na paksa ay malawak na ipapatupad para sa mga mamamayan at mga negosyo ng Prepektura.

- Kung ang pisikal na kondisyon ay hindi maganda tulad ng lagnat, tiyaking ihinto ang lahat ng mga gawain (pagpasok sa trabaho, pagpasok sa paaralan). Kasabay nito, i-check rin ang pisikal na kondisyon ng ibang mga tao sa lugar ng trabaho, paaralan, at pamilya.
- Base sa Article 24, Paragraph 9 ng Cooperation Preventive Measures Law, hinihiling namin sa lahat ng mga negosyo na ganap na ipatupad ang mga sumusunod na nilalaman.
 - Pag-aayos sa pasilidad upang maiwasan ang kumpulan ng madaming tao
 - Mahigpit na pagpapasuot ng mask para sa mga visitors/customers
 - Pagbabawal sa pagpasok sa mga hindi nagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon
 - Masusing mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon ng droplet o mag-secure ng naaangkop na distansya para sa mga gumagamit ng pasilidad